

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
September 3, 2021 (11:02 A.M – 12:14 P.M.)

SEC. ANDANAR: Magandang umaga Pilipinas. Ngayong araw ng Biyernes samahan ninyo kami ulit sa isa na namang oras na talakayan kaugnay pa rin sa mga hakbang ng pamahalaan kontra COVID-19.

Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar; magandang umaga sa'yo, Usec. Rocky!

USEC. IGNACIO: Good morning, Secretary Martin. Para po magbigay-linaw sa mga katanungan ng taumbayan, makakasama natin ang mga kinatawan at eksperto mula sa pamahalaan kaya po manatiling nakatutok sa ating programa.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio!

SEC. ANDANAR: Mga kababayan, simulan na po natin ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Muling nanindigan si Pangulong Rodrigo Roa Duterte na walang anomalya sa pagbili ng pamahalaan ng mga personal protective equipment noong nakaraang taon para sa pagtugon sa COVID-19 pandemic. Sa Talk to the People ng Pangulo kagabi, ipinaliwanag ng mga kinauukulang opisyal ng gobyerno ang naging proseso sa procurement ng PPEs. Ang kabuuang detalye mula kay Mela Lesmoras:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Senator Bong Go nilinaw na ang kaniyang intensiyon na tumakbo bilang running mate ni Davao City Mayor Sara Duterte ay kung tataakbo lamang ang alkalde sa pagkapangulo at kung aatras si Pangulong Duterte sa pagkandidato sa pagkabise presidente. Pero giit niya, ano man ang pinal na desisyon ng mga Duterte nakahanda siyang suportahan ito. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

SEC. ANDANAR: Kumustahin naman natin ang sitwasyon ng ating mga kababayan sa Australia. Anu-anong mga hakbang nga ba ang ipinatutupad doon kontra COVID-19 na nakakaapekto sa ating Filipino community, makakausap po natin si Ambassador Maria Hellen Barber de la Vega ang Philippine Ambassador po ng Pilipinas to Australia. Magandang umaga po sa inyo, Ambassador de la Vega.

AMBASSADOR DE LA VEGA: Magandang hapon din po Secretary Martin and kay Usec. Rocky.

SEC. ANDANAR: It's great to see you once again, Ambassador. [Garbled] po ng COVID-19 sa Australia, balita po namin na kahit na tumataas ang bilang ng mga kaso diyan dahil sa Delta variant ay balak na ng gobyerno nila na i-drop na ang mga quarantine restrictions at ituring ang COVID na bahagi na ng buhay nila gaya ng trangkaso at iba pang karaniwang sakit.

AMBASSADOR DE LA VEGA: Tama po kayo, Mr. Secretary. Secretary Martin, ang Australian government po sa kasalukuyan ay nag-a-update ng kanilang national plan mula sa tinatawag na COVID suppression patungo ho sa post vaccination settings kung saan ang layunin ay maiwasan ang matinding karamdaman dulot ng virus na mangangailangan na pagdala sa kanila sa ospital at higit sa lahat maiwasan ang mabawian ng buhay dahil sa COVID.

So ito pong national plan na ito ay nakabatay sa isang modeling study ng Doherty Institute sa Melbourne na iminumungkahi na ang vaccination threshold ay 70% upang mabawasan at ma-localize ang mga lockdown measures at 80% po naman upang payagang mangibang-bansa o mag-abroad na ang mga mamamayan ng Australia.

Ang malawakang vaccination program po na ito ay patuloy na tinatawag ho natin parang kaakibat na tinatawag nila na trace, test, isolate and quarantine system. So kasama rin po ang pagpapatatag ng public health system dito upang masiguro ang kakayahan nito sa pagbukas ng ekonomiya at pagbalik ng mga tao sa trabaho, negosyo at mga paaralan, Mr. Secretary.

SEC. ANDANAR: Ambassador, bukas na po ba ang Australia sa pagbabakuna ng mga migrant workers gaya nating mga Pilipino? At kung bukas na po, ilan na po ba ang mga bakunadong Pinoy diyan?

AMBASSADOR DE LA VEGA: Ang policy po ng Australia ngayon ay magbigay ng libreng bakuna sa lahat ng naninirahan sa bansang ito kahit anuman ang kanilang visa status. So kahit po walang Medicare, ang health insurance dito, maaaring magpabakuna. Naniniwala po ang Australia na magiging ligtas lamang sila kung lahat ng naninirahan dito ay ligtas kaya maigting ang pagpapalaganap nila ng impormasyon sa kainaman ng pagpapabakuna.

Sa katunayan po, ang Australian Department of Health dito ay nag-release na ng impormasyon ukol sa pagpapabakuna sa mahigit na animnapung wika or languages, kasama na po iyong Filipino. Mayroon po tayong tinatawag na national immunization register sa Australia kung kaya ang bawat indibidwal ay kinakailangang gumawa po ng sarili nila ng online account nila sa Australian government kung saan ilalagay nila ang mga personal na impormasyon upang makapagpatala at makapag-schedule ng bakuna. Ano po ba iyong importanteng information dito? Hindi po dito tinatanong kung Pilipino ka o anong nationality mo, ang mahalaga po ay iyong edad at iyong health advise kung anong bakuna ang nararapat sa iyo at kung available na po ito at kung saan ka, of course, nakatira, kung ikaw ba ay kasama sa tinatawag na hotspot area. Kasi sa kasalukuyan po, at the moment, Mr. Secretary, kami po ay naka-lockdown dito.

Sa Canberra po naka-lockdown kami hanggang September 17, katulad din po sa Sydney at sa Melbourne at sa iba pong mga state and territories.

So dito po sa Australia, ang AstraZeneca po ay itinalagang bakuna para sa edad na 60 pataas; at ang Pfizer ay para sa edad na 16 hanggang 59. Noong August 30 po, binuksan po ng Prime Minister Scott Morrison para po sa mga estudyante noong August 30 po at maaari na po silang magpabakuna magmula po ng edad 16 hanggang 39 na taon, and I'm referring to Pfizer.

So ang vaccination statistics, katulad po ng sinabi ko kanina, ito po ay inilalabas ng pamahalaan na base ang breakdown po sa edad lamang at sa state or territory at hindi po tinatanong dito kung ano ang iyong nationality.

Thank you, Mr. Secretary.

SEC. ANDANAR: Kumusta po ang Filipino community natin diyan? Ilan po ang tinamaan ng virus? At ano po ang tulong na binibigay po sa kanila ng ating embahada?

AMBASSADOR DE LA VEGA: Naku, Mr. Secretary, kami po ay nagpapasalamat at patuloy na nasa maayos na kalagayan ang ating Filipino community. Karamihan po sa ating mga kababayan ay nasa Sydney at Melbourne na nasabi ko kanina ay naka-lockdown din po ngayon. So tayo po ay nagpapasalamat na sa ngayon, wala po tayong seafarer na naiwan pa dito na nagpapagaling dahil sa COVID. Malaki pong tulong ang binibigay sa atin ng state and federal governments sa pagtulong dito sa ating mga cases na ito. And patuloy po ang paglalayag ng mga barko ng Australia; hindi po ito nagsara, iyong tinatawag nating maritime trade.

And mula po noong huli tayong nag-usap, noong nakaraang, I think, last year po yata iyon na naitala po natin ay 121 Pilipino na tinamaan ng virus, karamihan po sa kanila ay naka-recover na; ang karamihan po nito ay mga seafarer. At ang ating embahada at ang ating labor office ay nagpapasalamat sa maayos at mabilis na pakikipag-ugnayan natin sa Australian government, sa ating mga ahensiya sa Pilipinas, at sa kanila na ring employer para po sa kanilang hospitalization at repatriation.

Marami po tayong mga kababayan dito na healthcare workers na malaking tulong sa pambansang kalusugan ng Australia. Proud po kami dahil sa kanilang bayanihan sa ating community, lalo na sa pagtulong sa mga temporary visa holders katulad po ng mga estudyante, at ang pinaka-recent po nito ay ang suporta ring ginawa ng Australian-Philippine Business Council at pati rin po iyong mga Filipino community organizations sa iba't ibang state and territories ng Australia. Sa buong panahon, Mr. Secretary, ng pandemya, patuloy po ang serbisyo at proyekto ng embassy at ng ating mga konsulado para sa Filipino community, alinsunod sa mga patakaran ng Australian government.

Naging mahirap po ang ating consular at tinatawag nating mobile missions dahil nga po sa sinabi ko kanina na mga border restrictions at lockdown dito sa Australia. Ganoon pa man,

sinisigurado po namin na tayo ay accessible at laging handang magbigay-tulong sa ating mga kababayan, Mr. Secretary. Ang Filipino community po dito ay lubos na ipinagmamalaki ng mga opisyal ng Australian government dahil sila ay tunay na maaasahan, masipag at responsableng miyembro ng kanilang mga pamayanan.

At recently lang, Mr. Secretary, mayroon nga po kaming joint project ng Filipino Alliance of Health Professionals at kami rin pong embahada, gumawa po kami ng poster na ibibigay po natin sa ating mga communities, sa Pilipino na rin, Filipino language po. Tulong na rin po natin ito sa Australian government upang sabihin sa Pilipino ang need na kailangan na nilang magpabakuna.

Thank you, Mr. Secretary.

SEC. ANDANAR: Hindi po tulad sa ibang bansa, Ambassador, na may mga regular at madalas na biyahe pauwi ng Pilipinas, diyan po sa Australia medyo limitado po ang commercial flights natin at may ilang kababayan po tayo diyan na naipit na na matagal-tagal na po panahon. Wala po bang balak ang ating embahada na magkaroon ng dagdag na bayanihan flights patungong Pilipinas? At ano rin ang assistance na ibinibigay ng inyong opisina regarding sa visa nila or passport at iba pang mga dokumento?

AMBASSADOR DE LA VEGA: Mr. Secretary, mapalad po tayo dito sa Australia sapagkat continuous pa po iyong flight, special flights – we call them special flights – ng Philippine Airlines sa Australia. Dalawa o tatlong beses isang buwan ay mayroong PAL flight, at ito po ay direct flights mula Sydney, Melbourne at Brisbane. Siyempre po minsan ay nag-a-adjust po ito depende po sa situation sa lockdown, katulad po ng situation natin ngayon. Noong nakaraang taon po, marami ang nangailangan ng tulong na makauwi, at nagpapasalamat po kami na sa taon na ito ay hindi na po ito naging malaking problema.

Pagdating naman po doon sa mga dokumento na nabanggit ninyo, patuloy po ang passport renewal services ng embassy maliban nga po ngayon na naka-lockdown kasi mahigpit pong pinapatibay itong mga regulasyon na ito on the lockdown. So para po sa mga hindi makabiyahang sa ating mga opisina sa Canberra, Sydney at Melbourne because of the lockdowns, nag-i-extend din po kami ng passport validity na hindi na kailangan ang personal appearance, Mr. Secretary. Thank you po.

SEC. ANDANAR: Sa ngayon po ba ay bukas ang inyong tanggapan o online lang po ang mga transaction? At ano po ang mensahe ninyo para sa mga kababayan natin na may kailangan po sa embahada?

AMBASSADOR DE LA VEGA: Well, Mr. Secretary, patuloy po ang aming embassy operations. Ang pagsunod sa alituntunin ng ating host government, hindi po kami open sa public. Pero doon po sa gate ng embahada at sa amin pong website, nakalagay po doon na kung nangangailangan kayo ng emergency assistance ay puwede po kayong tumawag at [garbled] kami na mamaya siguro puwede nating Makita. Ay, thank you po! Marami pong salamat, Mr.

Secretary, for this support. And lahat po ng tawag sa telepono at e-mail ay tinutugunan namin, at lahat ng aplikasyon na pinapadala by mail, inaaksiyunan po namin iyan. Nakalagay po ngayon diyan po, nakikita ko po ngayon na iyong emergency hotline na accessible na 24/7 nandiyan.

At tungkol naman po sa mensahe na puwede ko pong ibigay sa ating Filipino community sa Australia, nagpapasalamat po tayo sa lahat ng ating kababayan na patuloy na sumusunod sa lockdown measures. Importante ito, Mr. Secretary, iba po talaga kung magku-comply tayo at sumusunod tayo sa regulasyon ng ating host country sapagkat tayo po ay mga bisita sa bansa na ito. We are guests in this country so it is important that we comply with the rules and regulations. Hindi po ito madali, alam ko po iyan, at hindi po matatapos [kaagad] kaya patuloy din po ang aming paalala na maging maingat, pumirme lamang sa ating mga tahanan. Ganiyan din po ang ginagawa namin dito, Mr. Secretary, sa amin ding members of the family.

Maski dito sa embassy naka-mask kami, tinanggal ko lang po iyong mask ko kasi kakausapin ko kaya po iyon ang ano. Iyung Philippine representation sa buong island continent ng Australia kabilang po dito ang mga honorary consulates at maaari silang tumawag o mag-email para sa kanilang pangangailangan.

Marami din pong impormasyon sa website. Mayroon po kaming following na ngayon na mahigit 30,000 na sila po ay nagpapasalamat sa aming website dahil po sa impormasyon na inilalagay po namin doon para mas mainam na sumangguni muna sila dito at baka po naman kasi hindi na nila kailangan tumawag kasi iyon po kanilang needs ay masasagot na po ng information sa website. Nandoon po lahat ng advisory about the situation dito sa... advice on the lockdowns including po iyong information namin on our contact dito sa embassy, Mr. Secretary.

Maraming, maraming salamat po!

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po, Ambassador Maria Hellen Barber de la Vega, Philippine Ambassador to Australia. Mabuhay po kayo, Ambassador!

AMBASSADOR DE LA VEGA: Thank you, Mr. Secretary and I wish you all really, stay safe and keep well. Thank you po!

SEC. ANDANAR: Samantala, hanggang dito na lamang po ang ating talakayan ngayong linggo; magkita-kita po tayo ulit next week, mga kababayan. In the meantime, go ahead, Usec. Rocky Ignacio.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po, Secretary Martin. Ingat po kayo.

Samantala, patuloy ang pagbabakuna ng Mandaluyong City sa mga residente mula sa mga kalapit lugar. ito po ay sa ilalim ng 'We Vax As One' project ng mga lungsod sa Metro Manila

na layong makatulong para mapabilis ang bakunahan bilang pagtugon na rin sa pagtaas ng COVID-19 cases. Ang sitwasyon doon mula kay Bea Bernardo. Bea:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat sa iyong report, Bea Bernardo.

Nitong nakaraang linggo naiulat po ang pagsuspende sa paggamit ng ilang doses ng Moderna vaccines sa Japan dahil sa nadiskubreng kontaminasyon. Makikibalita po tayo kaugnay diyan at sa iba pang updates tungkol sa COVID-19 vaccines mula kay FDA Director General Undersecretary Eric Domingo.

Doc, welcome back po sa Laging Handa.

DOH USEC. DOMINGO: Hi! Magandang umaga, USec. Rocky. Good morning po sa inyong lahat.

Mayroon lang tayong kaunting updates doon sa mga bakuna natin that we'd like to share with you. [Kung puwede pong ipakita iyong ating slides? Okay.]

Unang-una po, itong ating Pfizer vaccine, alam ko nabalitaan na natin lahat na nagbigyan na ito ng full approval sa US FDA, ibig sabihin po commercially available na siya doon after makita na iyong kaniyang long term na safety at efficacy ay acceptable. So, sa US po, mayroon na itong approval for ages 16 and up. Iyon pong paggamit niya sa ages 12 to 15 ay under EUA pa rin po sa America.

Ngayon, dito naman po sa Pilipinas, ipinadala na rin namin, Usec. Rocky, iyong Pfizer, iyong kompanya, ng mga requirements for product registration dito sa atin pero ang sabi nila ay pinag-uusapan pa sa kanilang headquarters kung kailan sila mag-a-apply ng mga registration sa iba't-ibang mga bansa katulad po ng Pilipinas.

Pero ang FDA nakahanda na po na tanggapin ang kanilang application at iyong mga team natin, actually sa ngayon nirerebisa na nila iyong ibang mga dokumento lalo na po iyong mga galing sa evaluation ng US FDA para nga po kapag nag-apply sila sa atin ay hindi na rin masyadong matagalan.

Kapag nakakuha rin po sila dito sa atin ng approval or iyong Certificate of Product Registration, ibig sabihin po noon, maaari na pong ibenta sa mga botika, sa mga ospital, i-reseta ng doktor ang bakuna at magiging accessible na po ito sa private sector. [Next slide, please]

Iyong susunod naman po doon sa tungkol sa mga Moderna vaccines. Ang Moderna po nag-apply na rin po iyan ng full approval with US FDA pero hindi pa po lumalabas iyong approval nila. Siguro, maaaring within the month magkakaroon na rin iyan ng full approval sa US FDA.

Dito po sa atin, two weeks ago nag-apply sila ng EUA amendment para po masama iyong mga adolescent o iyong mga bata na 12-17 years old. And after a thorough evaluation by our Vaccine Experts and our regulatory experts po sa FDA, in-approve na po namin ngayong araw na ito ang paggamit under Emergency Use Authorization ng Moderna vaccine for adolescents ages 12-17.

Ang mga usual na lamang po na mga precautions kapag tayo po ay nagbabakuna, kailangan po nandoon and ito pong sa for Moderna, very similar to the other mRNA vaccine like Pfizer, ang watch out for ng ating mga vaccinators at ng mga doctors iyong very rare cases of myocarditis. Para pong inflammation sa puso na nakikita sa mga very few, very rarely, one in for every million siguro—a few for every million na binakunahan at mas nakikita sa mga younger males.

So, ito po ang kailangan lamang bantayan; but definitely with the Delta variant affecting a lot of children, nakita po ng ating mga experts that the benefit of using the vaccine outweighs the risk. [Next slide, please]

Mayroon din tayong nabalitaan katulad ng nabanggit po ni Usec. Rocky kanina na sa Japan mayroon silang iniimbestigahan at pinigilan ang paggamit ng isang batch ng mga vaccine ng Moderna. Ito po ay noong nakita mayroon pong parang particles na parang metal particles doon sa mga ilang bakuna na ginamit nila; so iyong buong batch po na iyon ay iniimbestigahan pa ngayon at ang tinitingnan po ngayon sa factory ay baka daw po doon sa kanilang assembly line ay baka mayroong isang makina na nagagaspas kaya nagkaroon daw po ng bakal.

Ito naman pong batch na ito ay itinigil ang paggamit nito kasama na rin iyong batch before it at saka iyong batch after. So, tatlong batch ngayon itong hindi ginagamit. Fortunately, iyon pong kinonfirm naman natin iyong mga doses na idineliver dito sa Pilipinas ay hindi po kasama doon sa batches under investigation, and so far, wala naman pong nakikita na any findings to show effects on safety and efficacy even of the iyon pong mga nakita nila sa Japan.

So, dito po sa atin ay tuloy po ang paggamit ng Moderna vaccine. At this time there's no reason to stop it at iyon lang, ipinapaalala lang natin sa mga vaccinators natin iyong importance talaga ng inspection of the vials prior to aspiration at saka injection. Kahit po marami talaga iyong pasyente.

Kahit ano naman po ang bakuna ang gamitin natin talagang tinitingnan po iyan 'no ng mga vaccinators natin, mga nurses natin, mga doctors natin, iyon mga ibang health workers, tinitingnan po muna nila iyan bago nila kukuhanin, ia-aspirate at i-inject sa atin. So, very important po talaga ito. [Next slide, please]

And lastly, gusto lamang po natin ipaalala sa ating mga kababayan, nakita naman po natin ang ating pagmamaman sa mga experience po ng ating hospitals at saka ng mga community, talaga pong the COVID-19 infection are nape-prevent po talaga iyan ng pagbabakuna lalung-

lalo na nakikita natin na kahit mayroong nagkakaroong ng breakthrough infections ay nababawasan naman po talaga iyong nagkakaroong ng severe illness at saka iyong pagkamatay from COVID.

Iyon pong ating monthly report niyan ay kinu-collate ngayon hanggang end of August, so baka next week po magri-report tayo ng ating mga adverse events following immunization for the month of August.

Importante po talaga na ikumpleto iyong dose. Makikita po talaga natin na between the first and second dose, mas maraming nagkaka-break through infection kaysa doon sa kapag nakakumpleto na po ng two doses na karamihan kung mayroon man ay very mild na at talagang kailangan pa rin po tayong mag-ingat. Kasi nga po nakaka-prevent siya ng severe illness and death.

Pero, ayaw pa rin po natin makahawa kahit mild kasi maaari pa rin po tayong makahawa ng iba and we still have to observe health protocols at this time specially ngayon po na marami tayong cases at iyon nga pong Delta variant natin ay umiikot. So, maraming salamat po Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., paano naman po daw natin masisiguro dito, ng publiko, na talagang safe po mula sa posibleng kontaminasyon ito daw pong mga bakuna na dumarating sa bansa sa gitna nga po ito ng nangyari sa Moderna?

FDA DG DOMINGO: Opo. Kaya nakikita naman po ninyo, kami po tinatala natin lahat iyan bawat darating dito sa atin. Unang-una may certificate of analysis siya pagkatapos nakalista talaga sa atin kung ano ang batch and lot number. Kaya po tuwing nakakita tayo ng ganito, may report sa Japan natsi-check po talaga natin agad iyan. Naka-counter check natin dito agad iyan kung tayo ay apektado doon sa mga lote na iyon o sa mga batch na iyon para ma-recall natin o hindi natin magamit. And at the same time, pagkatapos naman pong ma-deliver naman iyan sa mga LGUs, sa mga vaccination center, bago naman po ibakuna iyan ay talagang tinitingnan pa rin iyan ng ating mga health workers kung mayroon po silang duda doon sa laman ng bakuna ay hindi po talaga nila iyan gagamitin.

USEC. IGNACIO: Opo. Basahin ko lang po itong tanong ni Red Mendoza ng Manila Times: Kapag daw po nagkaroon ng second generation na bakuna, kailangan pa po bang mag-apply ng EUA or will it be worked on the same EUA po? Ang booster din po ba kailangan ng isa pang hiwalay na EUA?

FDA DG DOMINGO: Oo Red, 'no. So, depende iyan kung bagong bakuna o lumang bakuna. If it is the same vaccine tapos gagamitin as a booster shot hindi na po iyan kailangan na i-apply ng EUA dahil nandoon na po siya at may authorization na siya. Pero kung second generation siya, meaning may nagbago doon sa component ng vaccine then it will have to be registered as a new vaccine. Kukunan po iyan ng bagong authorization.

USEC. IGNACIO: Opo. Sunod po niyang tanong: Kapag nagkaroon po ba ng certificate of product registration, ano daw po ang magiging reporting mechanism kapag nagkaroon ng adverse event pagkatapos ng immunization?

FDA DG DOMINGO: Kapag may CPR na, mayroon pa rin po tayong adverse events following immunization sa gobyerno, lalo na po kung talagang government pa rin ang magbabakuna. Tuluy-tuloy naman iyon and at the same time ang kumpanya ay nagkakaroon po ng mas malaking responsibilidad na pagdi-distribute nito. Halimbawa sa mga botika, sa mga hospital at sa mga doktor ay nangangalap din po siya ng impormasyon ngayon para po ito ay mabantayan ang mga adverse events nito.

So, the adverse events following immunization po na portal, for example sa FDA na dumidiretso sa WHO, tuluy-tuloy po iyan mabubuhay po iyan. Pero kapag may CPR na mas lumalaki talaga iyong responsibilidad ng kumpanya na may [inaudible].

USEC. IGNACIO: Opo. Last question po ni Red Mendoza: Ilan na po ang mga breakthrough infection at mga AEFI?

FDA DG DOMINGO: Oo. Katulad ng sinabi ko kanina, Red, iniipon pa namin, kasi monthly natin kinu-collate. So, siguro by next week we will be able to give a more updated information ng up to end of August.

USEC. IGNACIO: Opo. Mula naman po kay Pia Gutierrez ng ABS-CBN: What are the efforts of the government to address the shortage of COVID-19 medicine Tocilizumab?

FDA DG DOMINGO: Oo. Ito Pia actually, iyong kumpanya na may-ari noong innovator drug, iyong sa Roche, talagang kinausap na namin na kung maaaring magdagdag ng supply dito dahil worldwide iyong shortage. Sa FDA, pinadadali po natin, lahat ng proseso nang pag-release ng mga gamot na ito pati po iyong nagiging mas lenient tayo.

Halimbawa, papunta sa ibang bansa kahit po ibang salita niyan tinatanggap po natin iyong mga labeling and packaging just to make sure we get more. Pagkatapos, since in shortage nga siya, binigyan natin, sinama natin sa ating drugs for emergency use na maaari silang kumuha ng CPR na bago at mayroon na rin pong naka-apply sa atin at na-approve na generic component po nitong tocilizumab para makarating po dito ang mas maraming supplies dito po sa Pilipinas.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman ni Celerina Monte ng NHK: With the FDA approval of Moderna vaccine for 12 to 17 years old? So, puwede na po bang magpabakuna anytime ang minor sa Pilipinas?

FDA DG DOMINGO: So, ito pong Pfizer at saka ito pong Moderna sinabi natin na maaari po siyang gamitin sa 12 to 17 years old. Pero, iyon pong pagpa-prioritized kung sino po ang babakunahan at kung anong age group ay sa Department of Health po iyon at saka sa Task

Force ng vaccination. So, kapag na-decide na po nila na aabot na tayo doon sa prioritization na aabot na po sa less than 18, iyong 12 to 17 doon po magbabakuna na ng mga bata.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon at sa inyong impormasyon. Undersecretary Eric Domingo ng FDA.

FDA DG DOMINGO: Maraming salamat din po.

USEC. IGNACIO: Sa iba pang balita. Sa kabila ng mga batikos na tila nagpapaka-executive assistant siya sa Pangulo, Sen. Go, hindi ikinahihiya kung paano siya nagsimula. Aniya, ang pagiging malapit sa Pangulo ay hindi nakakaapekto sa trabaho niya sa Senado. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Idineklara na nga po ng WHO ang Delta variant bilang dominant variant ng COVID-19 sa bansa. Kasunod pa po diyan ay ang pagkakadiskubre sa dalawang bagong variant naman ng virus. Para tulungan tayong maintindihan ang mga ito, makakausap po natin si Executive Director Cynthia Saloma ng Philippine Genome Center. Good morning po.

DR. SALOMA: Magandang umaga po Usec Rocky at sa ating mga tagapakinig dito sa Laging Handa.

USEC. IGNACIO: Opo, Doc., dineklara na nga po ng World Health Organization ang community transmission ng Delta variant sa bansa at ito na rin po iyong itinuturing na dominant variant. Kaugnay diyan, kumusta po ba ang naging assessment ng Genome Center sa bilang ng mga naitatalang Delta cases sa nakalipas na linggo?

DR. SALOMA: Mamaya siguro o bukas Usec. Rocky, lalabas na naman iyong ating bagong results but I just would like to summarize iyong results natin nitong August at saka July.

So, for the month of July iyong mga na-swab po natin for the month of July nationally, mga 48% po ng ating mga samples ay puro na po Delta variant. So, that is 48% of about 2,582 ng samples which we collected in July.

In August po, tumataas pa po ito pero kaunti pa lang po iyong bilang ng mga swabs na naitala natin ng August, so we have analyzed nationally based sa swabs ng mga 542 po iyong swabs natin na August po iyong kabilang collection date and in that particular instance, doon sa maliit na samples na ito, mga 83% na po ang Delta variant nationally.

And in this particular instance po sa maliit na samples na ito, mga 83% na po ang Delta variant nationally. Pero kung titingnan naman po natin in the National Capital Region, iyong mga samples po ng NCR marami po tayong na-analyze nitong July, mga 593 cases na po ang na-analyze natin na galing sa NCR nitong July at saka makikita po natin iyong total mga 76% of

these 593 cases na sequence samples from the National Capital Region po iyong Delta variant and that have become much more—mas marami pa po, greater than 90% of the [unclear] na na-collect nitong August iyong Delta variant sa National Capital Region.

Gusto ko lang pong ipahiwatig pa uli na itong ating sampling might be some [unclear] kaya po itong sinasabi namin sa inyo its really based on sequence samples po na ginawa natin dito sa ating genomic biosurveillance effort ng Department of Health at saka po sa mga network of laboratories na nagpapadala ng sample sa atin.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc., aside from National Capital Region, aling rehiyon po iyong masasabi nating may established community transmission ng Delta? Kasi po ang pahayag po noon ng Department Health noon, Metro Manila at CALABARZON lang daw po ang mayroon.

DR. SALOMA: Pag-aralan pa natin ‘yan [garbled] kami bukas din, Usec. Rocky. Pero definitely based on the phylogenetic analysis and the tracing of the samples, makita po natin very clearly na iyong National Capital Region is undergoing community transmission of the Delta variant at also of course CALABARZON. We don’t know yet, we have to validate the other cases such as in Region III and Region X and Region VI also and Region VII kung community na rin sila pero pag-uusapan pa rin natin ‘yan. But based on our analysis po, very clearly iyong National Capital Region as well as po iyong CALABARZON are really community transmission on the Delta variant.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc., nadagdagan naman po iyong binabantayang bagong COVID variants ng World Health Organization ano po, kabilang na nga po dito iyong tinatawag na Mu o B1621 at 612 na lineage. Unahin na po natin, Doc., itong Mu. Saang lugar po ba ito unang na-detect at ano po ang clinical characteristics nitong variant na ito; at may update po ba tayo dito sa Pilipinas? Kabilang din po ‘yan sa tanong ni Tina Panganiban-Perez ng GMA News.

DR. SALOMA: Can I share my slides, please? I have some slides na para naman ma-summarize natin ito sa ating mga tagapakinig.

USEC. IGNACIO: Opo. Ayusin lang po natin, Doc. Cynthia, kung papaano natin po maishi-share iyong screen. Go ahead po sa pag-explain, ma’am, habang inaayos po natin iyong slide.

DR. SALOMA: Okay. So sa ating mga tagapakinig, siyempre palaging lumalabas variant na naman, variant na naman. Siguro kung minsan ayaw ninyo nang marinig iyong variant na ito ‘no; pero from the scientific perspective at saka sa epidemiology, importante po itong mga variants na ito kasi nata-track po natin if we are associated increased transmissibility, immunization as well as of course if there is increased pathogenicity. Kaya lumalabas po itong variant na ito, mga variants na ito.

Gusto ko lang pong ipahiwatig sa ating tagapakinig na just because may nakita na namang variant, maalarma na naman po tayo. Huwag po tayong maalarma kasi iyong mutation on the emergence of variants natural po ‘yan sa evolution ng isang virus ‘no. So every time ang virus

mag-multiply or mag-replicate at mag-transfer from host to host, mayroon pong mga nangyayaring mga mutations sa kaniya; at lahat naman po ng mutations, iba-ibang klase – puwedeng deletion, insertion, or substitution or neutral substitution. At saka iyong mga mutations na ito does not necessarily mean na magiging severe siya o magiging—mag-stay on siya ‘no. So the process of mutation is really part of the viral evolutionary process kaya huwag po tayong mabahala nito.

Pina-flag ko lang po itong mga variants of concern as well as variants of interest or variant of investigation or a variant under increased monitoring para malaman po natin kung totoo ba na iyong mga variants na ito are really associated [garbled] clinical manifestation doon sa increased in transmissibility sa mga cases na ito.

So iyong new variant po na nakikita natin ngayon, I cannot share my screen pero gusto ko na lang po i-summarize sa inyo ‘no. The earliest sample was collected in Colombia on 11 January 2021. So this represents mga 39% of cumulative sequence samples in Colombia so kaya nga po—siyempre this is happening in the background noong mayroon po tayong Delta variant. Pero sa Colombia po, among the sequenced cases they have, 39% na po ang kanilang naitalang mga new variants.

Iyong new variant po may dalawang klase – there’s the B.1.621 at saka B.1.621.1 – so all consider these as new variant at saka po it was listed as a variant of interest by public health [unclear] in July but by the WHO on 30 August 2021. And so far po iyong new variant has already been detected in 43 countries at naitala po siyang variant of interest ngayon nga po kasi associated siya with community transmission in Colombia and probably also in Ecuador. But there are telltale mutations po sa new variant or a constellation of mutations na para po siyang associated with [unclear] na very similar po sa mga dating VOCs and VOIs na nakikita natin.

So just to tell you for example, iyong may mga [garbled] kasi nitong [garbled] mayroon po siyang—ang bago po ditong defining state niya is the R346K in the S protein pero iyong E484K, iyong tinatawag nating eight mutation as well as the Nelly mutation na N501Y and the P681R, nakita na po iyon natin sa Alpha variant at ang 484 po nakita natin sa Beta as well as of course the Gamma variant itong mga mutations kaya po naitala siya na parang variant under investigation po ‘no.

So makikita po natin when we try to compare the mutation repertoire nito, parang 4 po na regions in the spike protein associated with the Mu variant. Pero gusto ko lang po ipahiwatig sa ating tagapakinig na sa ating bansa po based on our whole genome sequences, we went back to our database, we have sequenced more than 12,000 whole genome sequences nitong mga SARS-CoV-2 virus na pinadala po sa atin ng ating mga cooperating network of laboratories around the country, we have not detected a single case of the B.1621 as well as the B.1621.1 po na new variants.

So wala pa po tayong nakikita dito sa Pilipinas pero we are always on standby and we are continuing our monitoring of the entry of these variants in our borders. So, Usec. Rocky, just

to summarize ‘no... the new variant have been listed is a variant of interest by the World Health Organization on 30 August 2021. It was listed as a variant of interest in the United Kingdom as early as July. It is 39% of the total sequenced samples in Colombia and the transmission is being mostly limited to South America particularly in Colombia as well as in Ecuador. It was of course been detected in 43 other countries thus [unclear] new variant in Colombia in a [unclear] dominant Delta variant is really a matter of—that should be watched very closely.

So far in our country, despite the fact that we have sequenced more than 12,000, the whole genome sequence of SARS-CoV-2, we have not yet detected the Mu variant here in the Philippines. And that viral mutations, they all emerge all the time, we are always hearing about these variants, we will continue to observe these variants.

But I would like to emphasize and all of us here at TWG on COVID-19 variants would like to emphasize to everybody that vaccination and the practice of minimum public health standards are still our best defense against the emergence of these SARS-CoV-2 variants. Iyon lamang po, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Doc. Cynthia, sa C12 para lang din po malinaw. Ito po kasi talaga iyong kinu-consider na variant of interest. Pero ano daw po iyong pinagkaiba nito sa ibang natukoy na variants pagdating dito sa transmissibility; at iyong importante po, Doc., iyong response nito sa bakuna.

DR. SALOMA: Okay. Usec. Rocky, iyung C.1.2 iba po ‘yan kaysa sa Mu variant ha. Iyong Mu variant po is the C.1.621 ano... iba ang ating—iba po ‘yun siya. Ang Mu variant is B.1.621 at saka B.1.621.1 ang lineage. Iyong C.6... C.1.2 iba naman po ‘yun – iyon po ‘yung nakita doon sa South Africa ‘no.

So I have not prepared a briefer on C.1.2. But based on our recollection at the Philippine Genome Center, matagal na po, parang mayroon kaming na-detect na C.1.2. Pero since mga bagong cases natin, hindi naman po natin nai-detect ito so most likely po hindi naman talaga kumalat sa ating bansa.

Kasi nakikita po natin, Usec. Rocky, na maraming mga variants. Sometimes they have deposited in the databases, in the same manner that this new variant was deposited as early as January pero hindi naman po siya na-consider agad na variant of concern or variant of interest. Ito lamang po na nakita nila na dumadami doon sa community at saka nakikita po siya na variant of interest. So iyong new variant po, we haven’t detected in the Philippines, but the C.1.2 we looked at this yesterday at the Philippine Genome Center, our team has detected it a long time ago, some months ago. But it seems that hindi naman talaga natin nakikita sa mga spike in cases now, so I think there has not been any [garbled] transmission.

USEC. IGNACIO: Opo. Dok, may tanong lang po si Red Mendoza sa inyo ng Manila Times. Ito po ang tanong niya: Sa tingin ninyo po ba malapit nang magkaroon ng vaccine resistant ng mga variant ng COVID-19 na pinangangambahan daw po ng mga eksperto?

DR. CYNTHIA SALOMA: Oo. So thank you very much diyan sa iyong tanong Red. So siyempre ma-notice po natin iyong sinasabi nating convergent evolution. Kapag sinabi nating convergent evolution, ito po iyong mechanism na kumbaga iyong iba-ibang viruses kahit nanggaling sila sa iba-ibang parte ng mundo, nakikita natin na iyong [garbled] nila palagi pong pare-parehong lugar. So this is probably [garbled] to evade the host's immune system. So, so far po, iyong ibang strategy ng [garbled] mayroon po tayong [garbled] mRNA [garbled] mayroon tayong vector viruses. May iba-iba po tayong mga viruses [garbled] inactivated so far [garbled] ay na-consider naman po na mga effective. Of course there are some slight degree of lowering of effectivity, but it is very effective against prevention of hospitalization, as well as death.

Now, iyong isang tanong ni Red – that is really a distinct possibility naman po, Red, and everybody is concerned about that. Kaya nga po ang mga researchers around the world that are vaccine designers would like to get the upper hand so that they can design multiplex vaccines for example in anticipation of such a possibility.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat po sa inyong oras at impormasyon, Executive Director Cynthia Saloma ng Philippine Genome Center. Mabuhay po kayo!

Samantala, narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa bansa. Base po sa report ng DOH as of September 2, 2021, umabot na sa 2,020,484 ang total number of confirmed cases matapos itong madagdagan ng 16,621 na mga bagong kaso kahapon; 148 naman po ang nasawi kaya umabot na sa 33,680 ang total COVID-19 death. Habang ang mga gumaling po sa sakit ay pumalo na 1,840,294 matapos itong madagdagan ng 10,965 new recoveries. Ang active cases naman natin sa kasalukuyan ay 146,510.

Iginiit ng Department of Health na mahalaga ang active case finding, pagpapatupad ng granular lockdowns at pagpapabilis ng bakunahan kontra-COVID para mas mapabagal pa ang transmission ng virus sa bansa.

Una rito, iniulat ng OCTA Research group na bumagal na sa 1.39 ang reproduction rate sa Metro Manila. Ang ulat mula kay Mark Fetalco:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Para naman sa pinakahuling update sa operasyon ng One Hospital Command Center, makakausap po natin muli si Dr. Marylaine Padlan, Medical Officer III, mula po sa [garbled].

DR. MARYLAINE PADLAN: Hello po! Good morning po, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Opo. Dok, kumusta na po, ang dami ng mga tawag na natatanggap ng One Hospital Command Center sa buong buwan po ng Agosto. Gaano po karami, lalo na iyong galing dito sa Metro Manila?

DR. MARYLAINE PADLAN: Kumpara po noong July ‘no, ‘di hamak po na talagang mas tumaas iyong tawag na natanggap namin dito sa One Hospital Command Center. So noong July, nag-a-average kami ng 100 to 200 per day na tawag noong July. Ngayong August, halos 200% iyong kaniyang pag-increase na nag-a-average kami ng 400 to 500 calls per day. So talagang tumaas ‘no ‘di hamak iyong ano natin, iyong tawag na nari-receive noong August. Tapos iyong mga sa Metro Manila naman, it’s around 20% ng calls natin ay galing sa NCR po.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero nitong linggo naman po, naitala itong all-time high new COVID cases. Ito po ba ay nakaapekto sa inyong operasyon nitong mga nakaraang araw?

DR. MARYLAINE PADLAN: Dahil hindi pa naman tapos iyong linggo, Usec., pero noong tiningnan namin iyong data namin, daily data namin dito, same pa rin po ‘no, hindi naman nagbago iyong average calls namin. Naglalaro pa rin siya ng 400 to 500 calls per day. Kaya hindi namin masyadong naramdaman iyong peak ng number of daily cases. Pero when we compared it to the number of cases comparing sa surge and before noong surge, ‘di hamak na mas mataas ngayon iyong cases during the surge po.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero maaari ninyo po bang ilarawan sa amin kapag talagang wala nang available hospital bed na pinakamalapit sa pasyente, nangyari na po ba ito? Ano po ang ginagawa ng One Hospital Command?

DR. MARYLAINE PADLAN: So kapag wala pong makitang beds or ospital na may bakante na within the area or within the radius of the patient’s current location, ang una naming ginagawa ay, of course, patuloy pa rin po kaming naghahanap ng hospital, naghahanap pa rin kami ng hospital farther away that can cater the patient. And while doing that, we also coordinate with the LGU especially to the BHERT ‘no para ma-monitor po iyong kalagayan ni patient.

So we work ‘no, we work hand-in-hand with the LGU para at least mabantayan nga po iyong kondisyon ng pasyente. Then, next is, we monitor regularly iyong condition ng patient and we offer telemedicine kay patient kung gusto niya, kung gusto ng patient or patient’s family para at least matugunan kahit papaano iyong needs niya, kung kailangan ng oxygen ng patient. Kami rin ang nagku-coordinate, kinu-coordinate namin siya sa regional DOH or doon sa provincial DOH para lang mabigay iyong needs ng patient habang naghihintay at patuloy iyong paghahanap namin ng ospital po for the patient.

USEC. IGNACIO: Opo. Dok, sagot po ba ng One Hospital Command ang pag-transfer naman ng pasyente kapag sa malayong lugar na may nakitang bakanteng kama sa ospital?

DR. PADLAN: Kasama po sa services namin iyong coordination ng transport. So, kunyari iyong case ay from one region to another or papasok sa NCR for example, nakikipag-coordinate po kami sa LGU or naghahanap po kami ng mga DRMO natin na mga ambulance that can cater the needs of the patients. So, hahanapan din po namin, kasi kailangan alam naman po namin iyong need na talagang kailangan dalhin si patient kung nakahanap na ng bakante po.

USEC. IGNACIO: Opo. Nabanggit noong Miyerkules Doc., ay nasa critical na sitwasyon iyong ating health care utilization natin ano po. Bukod sa NCR, alin pong mga rehiyon pa sa bansa ang may pagsipa sa dami ng tawag sa inyong hot lines at aling mga lugar din po iyong punuan na iyong hospital maging isolation facilities?

DR. PADLAN: In terms of tawag po, aside from NCR, marami rin po kaming nari-receive na tawag mula sa Region IV-A po sa CALABARZON po and then sa Region III po no. So, sila po iyong parang pinakamataas na region na tumatawag din po sa amin and iyong mga... in terms naman po sa punuan ng mga hospital and isolation facility, it is reflected po doon sa hospital care utilization rate na niri-report po ng DOH po.

So, iyong mga high risk po natin aside from NCR, nandiyan din po ang CAR, ang Region IV-A, III, Region II, Region I, Region X and Region XIII po. Iyon po iyong mga nasa high risk na category po when it comes to the HCUR po.

USEC. IGNACIO: Opo. Basahin ko lang Doc., itong tanong ng ating kasamahan sa media. Mula po kay Red Mendoza ng Manila Times: Kahit na daw po nag-expand na ng capacity ang One Hospital Command ay parang marami pa rin po ang hindi pa rin maka-connect sa One Hospital Command Center. Ano po ang payo ninyo sa mga hanggang sa ngayon ay nagkakaroon ng isyu sa pagtawag sa OHC?

DR. PADLAN: So, una po ay doon sa mga hindi maka-connect, were asking for your patience dahil talagang sa dami ng cases din po natin, nakita po naman natin talagang daily na nag-i-increase iyong mga number of cases, na-congest din po iyong lines din natin.

So, patience lang din ho 'no sa paghihintay, kapag naka-receive naman po kami ng message or naka-receive po kami ng tawag sa inyo sisiguraduhin namin na we will call you back and we will assist po regarding doon sa needs po ninyo, sa request po ninyo.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc., para lang po doon sa hindi pa nakakaalam, pakibanggit na lang po Doc., iyong mga numbers na puwedeng tawagan ng ating mga kababayan.

DR. PADLAN: Okay po, para sa ang toll free hotline po natin. Puwede ninyo po kaming ma-reach sa DOH COVID hotline, again toll free po siya, its 1555. So, that's one, then tatlong 5; then for cellphone naman, for mga mobiles where you can text us or you can call us, preferably call no kasi mas may magsasagot po ng call natin.

That's 0915-7777-777 then 0919 for Smart, 0919-977-3333, then for our landline its (02)886-50500. So, again para mas benepisyal po no na hindi nagagastos iyong patients natin or mga clients natin, better po to call the toll free DOH COVID-hotline po na 1555 po.

USEC. IGNACIO: Okay, kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon at impormasyon Dr. Marylaine Padlan, ng One Hospital Command Center. Mabuhay po kayo!

DR. PADLAN: Thank you po Usec., stay safe po.

USEC. IGNACIO: Samantala, mga pamilyang biktima ng sunog sa Quezon City at pagbaha sa Hagonoy, Bulacan, hinatiran ng tulong ng outreach team ni Sen. Go, at mga ahensiya ng pamahalaan. Kasabay ng pamamahagi muli, nagpaalala ang Senador sa mga residente na magpabakuna na, narito ang report:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Tunghayan naman natin ang report ni Jonathan Campana mula sa PTV Cordillera:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Mula naman sa Cebu, may ulat si John Aroa:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: May ulat din po ang aming kasamahang si Hannah Salcedo, mula sa Davao Region, Hannah.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo Hannah Salcedo.

Samantala, marami sa atin ang lubusang nahihirapan sa kasagsagan ng pandemya, kabilang na diyan ang mga manggagawa sa sektor ng pagsasaka, kaya naman bukas alamin natin itong 'OneDA' Reform Agenda ng Department of Agriculture at paano ito nakatutulong para iangat ang buhay ng mga magsasaka at ang ating ekonomiya. Abangan po iyan bukas sa ani at kita.

At iyan po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw, sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Usec. Rocky Ignacio ng PCOO. Magkita-kita po uli tayo bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center